# Paul Pruel
# - poems -

**Publication Date:**
2008

**Publisher:**
Poemhunter.com - The World's Poetry Archive

# Paul Pruel(April 29,1960)

I am a father of 3 for 22+years, OFW for 15 years, A Blogger, A Poet, A Writer,12 years internet experience, Self-motivated, Professional by experience. My favorite Saying: 'Dream Big and don't stop without giving it a chance to come true.' Do it now what you can do for tomorrow. I believe that 'Success in business takes hardwork, commitment, leadership and desire.'

You can visit me at

Earthy Taurus (April 29) is my zodiac sign. My strengths: cautious, committed, enduring, faithful and responsible. I show great capacity for affection as well as appreciation for beauty and art. Reading and writing are my passions. I'm friendly but can kick you off when it is needed LOL. I am proud Pinoy...hehehe.

My favorite quote: "Count your mornings by sunshine not by sunset, count your life with smiles not by tears and when life has reached its autumn count your age by friends not by years."

Sana' y Laging Umaga

Ang gumising nang maaga
Para makita ko ang iyong ganda
Masamyo ang iyong bango
At marinig ang iyong halakhak
Nang habang buhay

At pahintulutan ng Diyos sa langit
Na tayong dalawa'y laging magkalapit
Habang aking pinagmamasdan
Ang taglay mong kagandahan
Di kukupas sa pagdaan ng panahon

Nag-aalab ang ating pag-ibig
Pintig ng puso ko'y ikaw lang
Hangad tayo'y 'di magkakawalay
At sa hirap at ginhawa tayo'y magkatuwang…

I only write because I found that this is an effective tool to fight homesickness and homesexness.

# A Dry Leaf

Leaves are like ideas in the mind
They come when needed
They flourish and give life
Light and great wisdom

When ideas have served their purpose
They need to be swept away
We must constantly sweep out the old
And give way for the new one

Man breathes for life
As he reaches
His old age
It will cease

And will fall apart
Like a dry leaf…

Paul Pruel

# A Way To Fight Homesickness

When ever he wanted to go somewhere
He always asked me to go with him
we went out hand-in-hand
and returned home holding hands…

Whatever he wanted to do for himself
He always called me to do it for him
He couldn’t stand alone for his own…

He said, I’m his best friend
His life could be miserable without me…

But the truth is he treated me
not his buddy but his slave
I’ve no right and freedom to complain…

And whatever his heart dictates
His brain and body desires
I always run for his wishes:

Bashing the candle
Buffing the banana
Choking the chicken
Cleaning his rifle
Cuffing the carrot
Polishing the banister
Polishing the rocket
Tossing the turkey
And walking his dog
Are the same terms
For the same job:

His dog became stronger and harder
and you know what I got?
His sweet smiles of satisfactions!

(through 'Mariang Palad' as we call it in Pilipino, for me is a very effective tool to fight homesickness I am a OFW, Saudi Arabia...in English it is called 'Mrs. Palmer'.

Paul Pruel

# Amanos Lang Tayo

Nagmadali akong lumuhod at nagdasal
At ilang saglit pa ako'y tumayo na masaya
Dahil sa isipan ko ay nagampanan ko na
Ang obligasyon ko bilang isang Kristiyano…

Kasama ang paniniwala na magiging masaya
Na ang aking kaluluwa sa maikling dasal ko
At kapos din ang oras ko na iparating sa aking
Mga kaibigan ang tungkol sa Dakilang Diyos…

Kasi nangangamba ako na baka ako'y kanilang
Pagtawanan at sabihin nila na ako'y nababaliw
"Walang panahon! Marami akong trabaho! "
Iyon ang lagi kong sigaw at katuwiran…

At wala rin akong oras para sa mga kaluluwa
Na nangangailangan din ng aking mga dasal
Nguni't 'di ko naisip na darating din sa akin ang
Imbitasyon ni kamatayan na humarap sa Poon…

Sa isang iglap ay naglaro't nailarawan sa isipan ko
Ang pagkakataon na ako'y nasa harap na ng Maylalang
Nakita ko Siya na may hawak na Aklat ng Buhay
Aklat ng mga nilalang na Kaniyang kinalugdan…

Binuksan Niya ang Aklat ng Buhay at nagsabi:
"Wala pa ang pangalan mo sa aklat, binalak
Kong isulat at isama ka sa mga nakalista dito
Nguni't wala akong panahon at pagkakataon! "

Kulang na lang na sabihin sa akin na 'Amanos Lang Tayo! '
'Patawad po Panginoon' nguni't huli na ang aking pagsisisi...

Paul Pruel

# Ang Lalake'y Nagmula Sa Babae

Hindi ko naawa't napigilan
Ang pagpatak ng aking luha
Bumilis ang pagpintig ng puso ko
At lumingkis ang aking mga braso
Sa payat at nanghihinang katawan ni nanay
Nang marinig ko ang kanyang malambing na boses
Na punong-puno ng pagmamahal…

Sa kanyang edad na otsenta k'watro
'Di pa rin makalimutan ni nanay
Ang araw nang ako'y kanyang isilang
Isang malusog na sanggol na lalake
Kasing-guwapo daw ako ng tatay ko…

Sabi ni ina, "Lalo akong minahal ng tatay mo."

Habang ang kanyang mga kamay
Ay dahan-dahang pinipisilpisil
Ang matitigas kong braso
Na nakapulupot sa kaniyang baywang
Sabay ang paghalik sa mukha ko…

Ngayon ay muli kong isisigaw
Ang pasasalamat ko kay ina
At sa unang pagkakataon ay akin din
Ipangangalandakan sa buong mundo
Na ang lalake pala'y nagmula sa babae
Taliwas sa matandang pinaniwalaan
Na ang babae'y nagmula sa tadyang ng lalake!

Paul Pruel

# Ang Manlilikha

Malawak at malalim ang pang-unawa
Ang pangit ay kaniyang napapaganda
Nakapagsasalita kahit wala s'yang
Sinasambit na mga taludtod o kataga...

Dilim ang kan'yang nakikita 'pag araw
Subali't nasisilaw siya 'pag gabi
Mga mata'y nakakakita ng mga bagay
Na siya lang ang makapaglalarawan...

Taglay n'ya ang ekstrang pares ng tainga
Nakaririnig ng kakaibang himig
May ekstra s'yang ilong na nakalalanghap
Ng ibang baho, bango't lansa ng buhay...

Matamis mangusap ang kaniyang puso
Saya'y hatid sa damdaming may siphayo
Simbolo'y gamit n'ya, imahi't kataga
Napasasaya ang matamlay na diwa…

Gamit ang papel at ang kan'yang panulat
Hahagkan n'ya ang buwan at mga bituin
Na kumikinang sa kalawakan
At nagsasaboy ng liwanag sa kadiliman...

Nguni't mga nalikha'y walang kahulugan
Kung lahat ay tiniklop at ibinaon
Ang ipinunlang kaisipan sa tao'y
Mabubura, pati ligaya ng kahapon...

S'yang Makatang pinagpala ni Bathala
Nagtatago sa likod ng kan'yang pluma
Ang bisyo'y paglaruan ang mga salita
Upang damdami'y ipaabot sa kapuwa!

Paul Pruel

# Ang Matalino At Bobo Ay Pareho

Mga mambabasa’t mga kaibigan
Huwag seryosohin ang aking ilalarawan
Bunga lang ito ng aking kalungkutan
Na aking nararanasan ngayon dito sa Kaharian…

Sabi ng iba, ang bobo sakit daw ng ulo
Ang matalino kaligayahan ng puso
Ang bobo limitado ang talino
Ang matalino madaling matuto…

Tawag sa bobo’y tanga, walang modo
Ang matalino’y madunong, mahusay makipagkapwa-tao
Ang bobo kung minsan pinung-pino ang paggalaw
Ang matalino kung minsan ang kilos ay magaslaw…

‘Pag nanligaw ang bobo iisa lang ang estilo
Ang matalino mambobola, simbolo ng pagiging palikero
Nguni’t sila’y parehong tao, nagmamahal at nasasaktan
Minsan biktima sila ng mapaglarong kapalaran…

Magkaiba man ang kanilang kaugalia’t pamamaraan
Pareho’y hangad ang mabuhay puno ng kasaganaan
Kapwa’y nangarap ng walang katapusang kaligayahan
Sa mundo na kani-kanilang ginagalawan…

At sa tuwing darating ang dapithapon
Pareho silang haharap sa Poon
Mga mata’y ipipikit, kakalimutan ang nakaraan
Pansamantalang iiwan ang mundong kanilang kinagisnan…

Paul Pruel

# Ang Ugat Ay Kahirapan

Bilog nga ang mundo, ang iksi ng buhay
Hindi alam kung kailan mamamatay
Ningning ng kandila sa buhay ay gabay
Ay t'yak maglalaho sa ihip ng hangin

Pinipilit kong burahin sa'king isip
Ang alaala, nguni't nagsusumiksik
Patuloy kong naririnig ang pighati
Ang kanilang sigaw na umalingawngaw

Nananaghoy sa sobrang sakit at kirot
At sa puso ko ay nanatiling sugat
Na hanggang ngayo'y 'di pa rin magamot
Mahapdi at patuloy na kumikirot

Dahil nananatili pa rin ang ugat
Sanhi ng pagkitil ng maraming buhay
Ng ating mga kabayan na nagbakasali
Sa Ultra, higit tatlong taon na ang lumipas

Na naging libingan ng 71 kababayan
Naghangad ng magandang kinabukasan
Isinugal buhay nila't kapalaran
Nagwakas sa kandungan ni kamatayan!

Paul Pruel

# Anghel

Hindi maikukubli ang saya
Na hatid ng kaniyang mga mata
Larawan sila ng liwanag at pag-asa
Sa t'wing sisikatan ng araw sa umaga

Ang kaniyang hagikhik at tawa
Ay gamot sa pusong nagdurusa
At sa mga pagal na tainga
Sila'y mga musika

Siya'y isang munting anghel
Na galing sa mundong nagmahal
At nag-aruga mula ng siya'y isilang
Ang kaniyang inang mapagpala

Sa kabila na siya'y mahina
Malalambot ang mga paa
Hubad at wala pang malay
Siya'y bulaklak ng buhay

Ang haplos ng kaniyang mga kamay
At tamis ng kaniyang halik at dighay
Sa t'wing siya'y naglalambing
Walang matamis na maihahambing

Kaya dapat lamang na siya'y mahalin
Alagaan ng husto at pagyamanin
Siya'y bunga ng pag-iibigan
Ng dalawang pusong nagmahalan…

Paul Pruel

# Anti-Terrorism Bill

Isang bagong panukalang batas
Na ipapatupad ng bansang Pilipinas
Upang putulin ang mga sungay
Ng terorismong hatid ay hapdi't lumbay...

Ang dala'y martilyo't pantabas
Pang durog sa batong matigas
Na sagabal sa tatahaking landas...

Ang katawan nito'y gawa sa bakal
Matigas na walang katulad
Hahabulin ang mga may sala
Papanagutin sa kanilang masamang gawa
Na nagdulot ng pambansang pagdurusa...

Bagong batas na pakikinabangan
Ng mga taong nangarap ng kapayapaan
Buhay na tahimik na walang gulo't patayan
Sa loob at labas ng bayang kinagisnan...

Ito bang batas ay dapat katakutan
Kung ang tunay nitong layunin
Ay para maalagaan si Inang-Bayan?
Ano sa palagay n'yo kabayan?

Paul Pruel

# Awit Ng Mga Maralita

Dahil sa matinding kahirapan ngayon
Na nararanasan ng mga anak-pawis
‘Di maikukubli ang aming himutok
Balde-balding luha’y aagos sa ilog
At mga hinanakit dahil sa kawalan…

At ‘di matatapos ang iba’t-ibang daing
Ng nakararaming mga maralitang Pinoy
‘Di kayang pigilan ang aming poot at galit
Kaharap ma’y punglo kami’y tuloy-tuloy
Na iwawagayway ang aming mga karaingan…

Ang aming hinaing ay kaparusahan
Para sa mga tuso’t mga mandarambong
Mga abusado at mga nagnanakaw
Sa kaban ng bayan, sila’y dalhin sa kulungan
At sila’y ipakain sa buwayang gutom…

Subali’t kaming mga maralitang Pinoy
Ay may puso’t may takot sa Maykapal
At dahil mabait kami’t maka-Diyos
Aming hihilingin sa Diyos na Poon
Huminto na kayo sa inyong masamang gawa…

Dapat magbago na kayong mga hinirang
Ang pangungurakot ay huwag atupagin
Salapi ng bayan ay inyong ingatan
At bigyan ng lunas ang mga nagdarahop
Hustisya’t trabaho ang inyong igawad…

Paul Pruel

# Boses Niya'Y Nananamlay (Inang Sinilangan)

Ang pag-ibig nitong puso
Sa kan'ya 'di maglalaho
Kahit milya pa ang layo
Sa bayan kong may siphayo

Ako ay nangungulila
Sa maganda niyang mukha
Na dati kong sinasamba
Mula pa ng ako'y bata

Ngayo'y takot at pangamba
Ang tunay kong nadarama
Boses niya'y nananamlay
Sa hirap at mga pighati

Sapat ba ang mga salita
Upang siya'y lumigaya?
'Di kaya'y pagkakaisa
Sa kan'ya'y magpapasaya?

Paul Pruel

# Dahil Ako'Y Pala-Ibigin...Pala-Ibigan

Ikaw ang agila na lagi kong pinagmamasdan

Maganda ka, ngunit ika’y napakailap,

Na kinababaliwan ng aking mga sulyap,

Nagsasayaw na mag-isa sa papawirin.

Gusto kitang samahan sa iyong paglipad

Kung ako’y magkakaroon ng pakpak,

At sasamahan sa iyong dadapuan,

Sa t’wing ang araw ay lulubog sa kanluran.

Masarap lumipad na kasama ka,

Lalu na kung magsasabay,

Ang pagkampay ng ating mga pakpak,

Sa mukha ng nakikiliting hangin.

At pabulong kong isisigaw sa’yo

Ang saya na aking nararamdaman,

Sa t’wing tayo’y bubulusok,

Pababa’t pataas ng kalangitan…

Paul Pruel

# Dapat Bang Isuko Ang Buhay Na Walang Laban?

Halos panawan ako ng aking lakas
Hangin sa dibdib ko'y 'di makalabas
Basag ang boses, garalgal sa sakit
Nagwawala at nag-aapoy sa galit…

Puso kong luhaa'y pilit sumisigaw
Liwanag ang samo dapat mangibabaw
'Wag hayaang maglaho ang haring araw
Sa gitna ng dilim siya'y pamanglaw…

Dapat bang sisihin ko ang kahirapan
Na sanhi ng aming pagdarahop ngayon
O ang matinding galit ng kalikasan
At ang kasakiman ng ilang kabayan?

Na sukdulan kung kami'y alipustahin
Kulang na lang na kami'y palayasin
Sa maliit naming mundong kinagisnan
Mundo ng wagas naming pagmamahalan…

Mga mata ko'y nalulunod sa luha
Makikirot, mahahapdi't namamaga
Parang sinabuyan ng maanghang suka
At sasabog sa matinding pagdurusa!

Kakayanin ko ba itong kaapihan
Na dinaranas ngayon ng aking angkan
Sapat ba ang hapdi, kirot at kawalan
Na isuko ang buhay ng walang laban?

Paul Pruel

# Dapat Bang Maglimos Sa Pulubi?

Minsan Ako'y Naglakandiwa
Sa paksang Dapat bang maglimos
O hindi sa pulubing Kaawaawa?

Bagama’t ako’y nasorpresa, hindi ko inakala
Isa ako sa naatasan sa tatlong lakandiwa
Sa isang natatanging at kakaibang sagupaan
Ng pagpapahayag at nakamamanghang pangat’wiran
Maluwag kong tinanggap at sa kanila'y namagitan…

Sa unang salpukan ako ay muntik nang mapalundag
Mapa-ihi at mapa-utot dahil sa sobrang galak
Habang aking hinihimayhimay ang bawat taludtod
O mga katagang sa madla’y kanilang isinisiwalat
Tulad sila ng hangin kung rumagasa ay malakas…

Nang si Ate Rose ay magbukas ng kan’yang saloobin
Ipinamalas sa lahat ang mapagmahal n’yang damdamin
Sa ‘sang taong dukha na nangangailangan ng tulong
Bukas ang palad at naglimos ng baryang ibinulong
Nguni’t sa huli ay nagbago ang pananaw at lambing…

Si Kuya Sam ay hindi rin nagpahuli sa pagtanggol
Ang magbigay ng limos sa taong pulubi’y iukol
Magandang ugali na dapat tularan ng sinuman
Dahil kapalit nito ay pagpapala ng Maylalang
Na pinangarap ng bawat tao’t inaasam-asam…

Hindi rin mapigil si Tata sa pangangatuwiran
Para sa kan’ya ang maglimos ay hindi makatuwiran
Lalo lamang tatamarin ang mga taong gaya nila
Kung sa palimos-limos ang buhay nila’y iaasa
Sa mga taong bukas ang palad at nakauunawa…

Bagama’t sila'y may mga puntos nang naitala
‘Yon ay ‘di parin sapat na bigyan sila ng korona
Dapat sila'y Gumaod pa, ang bagsik ng diwa’y ibandila
Isigaw at iwagayway sa madla na mapanghusga
Ang tunay nilang lakas, tibay at tamis ng dila!

Katotohanan lamang ang ipapahayag ko ngayon
Makikinig sa mga magkatunggali ang s'ya kong layon
Matitinik na makata na hininog ng panahon
Puwedeng ipagmalake natin saan mang okasyon!

Nang aking suriin ang mga pangungusap na sinabi
Ng mga magkalabang tropang magagaling mangiliti
Sa isip ko'y naglaro - maraming mukha ang pulubi
Nagpa-init sa talakayang pasidhi nang pasidhi…

Si Tata, sa kaniyang posisyon ay nananatili
Dulot ay kabatugan kapag maglimos sa pulubi
Higit pa sa tigas ng bato kung siya'y manindigan
Gulungan man ng pison mananatili ang tinuran!

Tropa ni ka Ezzard, hinarap ang kalaban
At ipinahayag - ang tunay na paninindigan!
Ang naglalaro ngayon sa'king makulit na isipan
Ay 'sang tanong: Nasaan na kaya ngayon si Kuya Sam?

Ang hindi niya pagsagot sa magiting na kalaban
Siya ay suko na't katunggali'y pakikisamahan!
O hindi kaya – siya ngayon ay nagpapakondisyon
Sa muling pagharap ay higit na malakas kaysa no'n
Dala'y pamatong ng paniniwala na ang maglimos
Sa pulubi ay kalugod-lugod sa mata ng Diyos!

Aking na rin gaganyakin ang iba nating katoto
Na sana lahat tayo ay makiisa at maglaro
Huwag mag-atubili, sapantaha'y bigyang laya
Yakapin ang higit na matimbang sa inyong puso:
Maglimos o Hindi sa pulubing tulad nati'y tao?

Tama ang aking kutob na si Kuya Sam ay babalik
Buong tapang na humarap, bitbit niya ay kalasag
Pangharang sa kalaban, sing-tigas ng asirong bakal
Kayanin kaya ng kaniyang kabalagtas ang lakas?
Nitong mamang ubod bait sa pulubi ay may awa
Kinahiligan ang maglimos sa isang taong dukha!

Sa huli ITO ANG HATOL KO:

Bagama’t nahirapan ako na timbangin ang lahat
Dumating ang puntong ang hatol ko’y ilahad
Nang walang kinilingan kungdi ibinase sa bigat
Sa aking timbangan sila’y nagu-umapaw sa galak…

Wala akong itulak-kabigin sa pangangat’wiran
Ng magkatunggaling pareho mahusay sa tulaan
S’yempre normal lang na isa sa kanila ay talunan
At uuwi na ang mukha ay puno ng kalungkutan!

Subali’t bago ko ipagsigawan sa buong madla
Ang naging disisyon kong pumili kung sino ang tama
Nagsiguro ako’t sinipi ang lahat na basihan
Mga puntos na nagbigay kula’t buhay sa tarikan…

Kap’wa sila’y namayagpag sa gitna ng entablado
Ang mga mambabasa't nagmamasid ay natulero
Kanino papanig – kay ka EZZARD, hilig ay MAGLIMOS?
O sa kat’wiran ni TATA, ang maglimos ay ‘DI DAPAT?

Ang magkatunggali ay hayagang gumawa ng mapa
Ginalugad mga lansangan sa buong Metro Manila
Kahit ang Toreng Babel at diksyonaryo’y binulaklat
Para sa ebidensiya sa kalaban ay panggulat…

Sa kan’lang walang patumanggang sagutan ng talino
Nalantad ang maraming mukha ng isang dukhang tao
Mga pulubing nagkukunwari, may magagarang bihis
Biktima ng digmaan at gulo at mga taong switik!

Sa kanilang pukpukan lumabas ang tanging liwanag
Kanilang pinahalagahan at kap’wa ay niyakap
Magka-iba man ang kan’lang paraan ng paliwanag
Pareho nagkasundo sa ‘sang adhikaing “PAGTULONG”…

Kaya ang naging hatol ko ay umuwi sila na masaya
Dahil sa kanilang ulo ay may nakapatong na korona!

Paul Pruel

# Forever Young

If I could choose to stay forever young,
So I could enjoy the rest of my life with you guys –
I'll do it though I know it is impossible…

Forever Young

If I could only go back to my young age life
Where I lay in peace with the caring world
That gave me light, strength and hope
As a little child so full of innocence
With my neighbor's angels, I played hide and seek
Swam in the crystal river with the morning puff of wind
Climbed up the trees, crawled on sandy shores
Skipped over the green meadows
And pretended flying like birds in the breeze…

Now my mid-life is claiming me restlessness
And itchy feet a symptom
My strength is deteriorating
I'm scared of hearing those seconds
Those passed when the clock sings
I can hear cries when the sun descends
As loud as the roaring thunder and lightning
Their sounds are bouncing back on high mountains
Brought by the strong wind, they caused fear…

I'm certain that everything in this world comes and goes
Although I'd wish to be always a youngster
And enjoy my youth to the utmost…

Paul Pruel

# Gayuma Ni Inday

Anong gayuma ang gamit
ni Inday? Ako ay sabik
sa kan’yang karinyo’t halik
sa’king labi’y kumakapit

Kahit sa aking pagtulog
lasap ko’ng kan’yang pag-ibig
ang tamis at sobrang init
‘di mawala sa’king isip

Sa t’wing ginugunita ko
ang huli naming pagtagpo
kahit ako’y napapagod
tuloy parin ang pagkayod

Aking Inday humanda ka
sa muli nating pagkita
tuhod ko’y malalakas pa
lalaban hanggang umaga!

Hingal-hingal, isang dalit
Ng totoo kong pag-ibig…

Paul Pruel

# Gusto Mo Ng Masayang Buhay?

Dalawin mo ang iyong hardin
Sa likod ng inyong bahay

Pumitas ka ng mga bulaklak
Na may sari-saring kulay

‘Di sa pamamagitan ng iyong kamay
Pitasin sila gamit ang mata

Pagkatapos hanapin mo
Ang halaman ng buhay

Ang katas ng kanyang bunga
Ay tubig na papatid sa iyong uhaw

Kunin mo sa pamamagitan
Ng pagkagat ng iyong labi

At kapag ika’y nagtagumpay na
Sumaglit ka sa iyong kaibigang nalulungkot

Gamutin mo ang kanyang lumbay
Ng isang masayang awitin ng pagsinta

At aawitin ng iyong kaluluwa
Kasabay ang indayog ng pagmamahal…

Paul Pruel

# H’wag Sayangin Ang Iyong Kabataan

Kung magagawa ko lang na balikan ang aking
Kabataan na nabubuhay na malaya at tahimik
Sa kandungan ng mapagpalang mundo na nagbigay
Ng liwanag, lakas at pag-asa na kasama ang aking
Mga kaibigan at kalaro: kami ay masayang naglalaro
Ng taguan, bahay-bahayan, lumalangoy sa gitna
Ng malamig at malinaw na tubig sa ilog, umaakyat
Sa mga punong kahoy, nagtatakbuhan sa pisngi
Ng mapuputing buhanginan sa dalampasigan
At sa malawak na parang at nagkukunwari na
Kami’y lumilipad sa hangin ‘tulad ng mga ibon…

Ngayon ang katawan ko’t mga paa’y nakakaramdam
Na ng pananakit hudyat ng pagtanda, ang lakas ko
Ay nagbago na, natatakot sa tuwing naririnig ang
Awit ng orasan na nakapako sa dingding at ang
Mga nakabibinging mga iyak at sigaw sa paligid ko
Sing-lakas sila ng dagundong ng kulog at kidlat
Na umiiko sa matataas na kabundukan
Na lalung nagpapalala ng aking takot…

Alam ko na ang lahat ng bagay sa ibabaw ng mundo
Ay may oras ang pagdating at paglisan, nguni’t
Sa kabila ng katotohanan ay pangarap ko na
Humaba pa ang buhay ko at manatili ang aking
Kabataan upang lubusan kong mayakap at bigyan
Ng sapat na pagpapahalaga ang tunay na ganda
Ng Inang-Kalikasan habang hindi pa napaparam
Ang liwanag ng nakasinding kandila ng buhay ko!

(Tag-alog version for the poem 'Forever Young') .

Paul Pruel

# Hangad Ko’y Lagi Kitang Kasama

Ang malalagkit mong tingin
Na nagpapahiwatig ng pagsuyo
Ang mamasa-masa mong mga labi
Na naghihintay ng aking pagkalinga

At walang katapusang pagsinta
Kailangan ka ng aking mga haplos
Sa bawat araw at gabi na lilipas
Na walang kasalo: tayong dalawa lang

Sa sarili nating mundo sa buong magdamag
Pagsasaluhan natin ang tamis ng pag-ibig
Hanggang ang kaluluwa nati’y magsanib
Ikaw ang nagbibigay kulay sa buhay ko

Hangad ko’y lagi kitang kasama
Kahit ang mundo’y huminto
Sa kaniyang pag-ikot...

Paul Pruel

# Haplos At Pisil: Gamot Sa Pangungulila

‘Wag magtaka kung ako’y lagi n’yong nakikita
Kasama sa inyong mga lakad at katuwang
Sa bawat bagay na inyong pinagkakaabalahan
Kung kayo’y masaya ang katawan ko’y masigla
Buhay ko’y nakasalalay sa inyong kalusugan…

Kumikilos ako sa gusto ng inyong puso’t isipan
Ako’y maykakayahan na ‘di kayang gawin ng iba
Sadyang sa akin lamang ipinagkaloob ng Poon
Kaya kong pasiglahin ang nalulungkot na katawan
Sanhi ng pagod at hapis na inyong nararamdaman…

Haplos at pisil ko ang kailangan at babalik na agad
Ang inyong lakas at kakisigan, kaya pakiusap
Ako ay inyong alagaan at huwag hayaan na
Ako ay magkakalyo, masaktan at masugatan
Upang banayad na mapawi ang inyong kalungkutan…

Ako’y isang mapagmahal na kaibigan
Sa anumang panahon at pagkakataon
Ako’y naririto - laging handa’t maaasahan!

Paul Pruel

# Hinagpis Ng Isang Bayani

Kay sarap pakinggan
Tagos sa puso’t isipan
Tawag sa iyo Bayani ng bayan
Sa panahong kasalukuyan

Hinahangaan sa iyong katatagan
Nilisan mo ang sariling bayan
Hanap ay magandang kapalaran
Sa ibayong dagat makikipagsapalaran

Lungkot sa pamilya handang labanan
Haharapin anumang kagipitan
Makamit lamang magandang kinabukasan
Kapalit ay lumbay at kalungkutan

Ang sobrang pagod sa maghapon
Butil-butil na pawis sa katawan
Sigaw at pasakit ng among pinaglilingkuran
‘Di alintana dahil sa mga mahal sa buhay

Hanggang kailan ang pagtitiis mo, kabayan
Na kayanin ang lahat ng iyong paghihirap
Sa kuko ng abusadong amo, ika’y sinasaktan
Sa araw at gabi sadsad ka sa kapaguran?

Dagdag-pasakit, buwanang sahod nabibitin
Minsan ginagawang ATM, after three months
O ‘di kaya pagkatapos ng anim na buwan
Wala kang magawa kundi ang tanggapin

Sinubok mong isumbong ang iyong kalagayan
Sa Konsolada’t Embahada ng ating pamahalaan
Pinangakuan ka ng tulong kaya naghihintay
Pero pangako’y hindi pa natutupad

Tanong mo sa sarili, Bayani nga ba ako kabayan?
Ganito ba inaalagaan ng ating pamahalaan
Ang kapakanan ng mga manggagawa sa ibayong dagat
O sadyang tayo ay tuluyan nang nakaligtaan?

Paul Pruel

# Hinahanap Ko Si Laura

Si Laura na aking nililiyag
Umalis hindi man lang nagpaalam
Isang linggo ko na siyang hinahanap
Ngunit ni anino n’ya ‘di ko mahagilap…

Nasaan na kaya siya ngayon?
Si Laura ay laging laman ng aking isipan
Larawan n’ya’y aking kinakausap
Hinahalika’t lagi kong kayakap…

Ako ba’y nagkulang sa iyo mahal?
Ibinigay ko lahat ng gusto mo sa buhay
Pero bakit bigla mo akong iniwan
Kailan mo ako babalikan?

Puso ko ngayo’y nagdurugo
Sa pangungulila sa iyo, aking hirang
Ano ba talaga ang dahilan ng inyong paglisan?

Laura, aking sinta
Magpakita ka
Bigyan mo ng lunas
Ang puso kong nalulumbay…

Paul Pruel

# His Blood Most Precious

I was born as thousand are
Where God was never known
Taught to pray a useless prayer
To blocks, woods and stones.

I would confess, I am blind
Could not see the truth
I am living with lies and illusions!

But today a peculiar thing happened
I fainted and I started longing
for the greatness of redeeming love
the love of Christ to me!

So, I started my journey to seek the truth
I stroke my fingers on the keyboard
My computer opened the door for me
I paused, asked myself, should I proceed?
Or I'd go back and forget it?

But my curiosity inspired me to go on
I opened the door, got inside, looked here
and there. I kept walking 'til I reached the place
Where the Holy Writ was resting.

Happiness filled my heart
the treasure was shining brightly
I shouted with joy my hale
and hearty arms held it up
I kissed it with compassion and love
Then I commenced scanning its Holy pages
And I found these enlightening verses;

"Take heed what you read and what you hear
With what measure you mete
It shall be measured to you
And unto you that hear shall more be given
Then go on to know more and more
Of what that treasure is

And glorify your God, without end.”

Was He the same God whom I used to kneel to pray?
Who was made out of blocks, wood, stone and clay?
Verily I wondered but my doubt did not alter my desire
Still I read the following text;

'God created man and female
In His image and likeness, He created them
For His love and for the purpose to live with Him
And that we must give our highest admiration
And submit to Him, as our only God in return.'

Consoled I said this is it I am looking for!
The true God I had long desired
God’s love to His children is lasting
God is a reasonable One
And understanding one in nature
He sent Jesus Christ, His begotten Son
His Son’s Sprinkling Blood save the world
And washed out His children’s sins.

He is the living word
The living water and the living bread
To feed our hungers, thirsts and longings
Jesus is the living light and life of the world
Who could calm us in the hour of buoyant health
In our hour of pain
In our poverty or wealth
In our loss or gain
Who could soothe us with holy hymn and psalm
And bid our spirits rest
That Jesus died for us
That on the cross He shed His blood
From sin to set us free.”
Now, I know, it is not yet too late for me
to seek His Holy name and live with Him
with true guidance and pure doctrines
Through Jesus Christ and His teachings.

Happy indeed I found Him the cleansing fountain
where I can always flee

His blood most precious
the sinners’ perfect plea.

Paul Pruel

# Illusion

I wish it’s always night
and I’ll go sleep and wait you
to kiss my lips and get my breathe

Again I wish, if I could
not thinking the last time
to kiss you hard
but thinking to stay with you
holding you into my arms
so close, ‘til the end of time
I promise…

Paul Pruel

# Inamorato; Inamorata

Ang iyong mga tingin ay napakalagkit
Parang nagpapahiwatig ng pag-ibig
Ang puso ko ay tuluyang nang namagnit
Pinangarap na ikaw ay maka-niig

Ang mamasa-masa't mapula mong labi
Ibig nila'y dampian ng aking halik
At paliguan ng matamis na tubig
Mula sa pusong tunay na umi-ibig

Kailangan mo ay ang aking mga haplos
Sa bawat araw at gabi na lilipas
Buhay nati't kaluluwa'y mag-iisa
Sa duyan ng pagmamahal at ligaya

Sa ating mundo, tayo ay magsasama
'Di magkakawalay at laging masaya!

Paul Pruel

# Inibig Ko Ang Aking Likha

Habang ako’y nakadungaw sa bintana
Sa mata ko’y bumulaga si maganda
Katawan ay ‘tulad kay pepsi paloma
Paindak-indak siya’t patalon-talon

Walang pakialam sa kan’yang paligid
Banaag ang ngiti sa kan’yang mga labi
Subali’t siya ay biglang sisimangot
At susundan ng kaniyang mga halakhak

Mag-isa n’yang inaaliw ang sarili
Sa galaw ng maganda niyang katawan
Ako ay tuluyan nang nahiwagaan
‘Sang tanong sumagi sa aking isipan

S’ya ba’y pinaglaruan ng kapalaran?
At sumunod siya ay biglang lumuhod
Nakabukas ang dalawa niyang palad
Nagsumamo sa ‘di makitang kausap

Sinilip ko siya’t aking pinagmasdan
Pinag-aralan ko ang buka ng bibig
Ang galaw ng mapupula niyang labi
Ang pilantik ng kaniyang mga daliri

At galaw ng kaniyang paa at baywang
Nagmamakaawa na isayaw siya
At dalhin sa itaas ng kalangitan
At do’n siya mananahan bilang reyna

Kasama ang mga ibon sa himpapawid
At kumpol-kumpol na maharot na ulap
Masaya silang nagsasayaw sa saliw
Ng malanding awit ng hanging habagat

Subali’t hindi pa siya nasiyahan
Pati mga bituin ay gustong abutin
Yakapin, hagkan at angkinin gagawin
Niyang kuwentas, korona at porsilas

Ang tindi ng kaniyang dating sa akin
Pati ako ay sa kan'ya nahumaling
Sa puso ko at isipa'y nagniningning
Alab ng pagsinta siya'y makapiling

Nguni't may pagitan sa aming dalawa
Sa 'king isip siya'y buhay na malaya
'Kahiya inibig ko ang aking likha
Nang ako'y napagod siya ay nawala!

Paul Pruel

# Init Ng Aking Pag-Ibig

Simula na ang tag-lamig
Si Inday na’king inibig
Kailangan n’ya ng init
Ang aking yakap at halik

Nguni’t ang layo n’ya’y milya
Sa akin na kan’yang sinta
Puso ko ay nananamlay
Dahil kami ay hiwalay

Tuloy ako’y nangangamba
Kay Inday baka magwala
Dahil sa pangungulila
Sa akin – siya’y mawala

‘Wag lang magtampo’t magalit
Ibibigay ko ang langit
Init ng aking pag-ibig
Lahat sa’king pagbabalik

Paul Pruel

# Kakaiba Siya

May isang bagay
Na pakiramdam ko
Kakaiba siya sa lahat
Kahit ‘di ko siya iniisip
Bigla siyang lilitaw
Sa aking guni-guni…

Sinubok kong kalimutan
At burahin ang kanyang alaala
Nguni’t para siyang linta
Kumakapit nang napakahigpit…

Ang totoo ‘di ko pa siya
Nakikita’t nahahawakan
Buhay siya’t galit na galit
Nakabibingi ang kanyang sigaw
Tumatagos sa puso ko’t kalamnan
Pilit n’yang ginugulo
Ang tahimik kong mundo…

Kaya minabuti ko
Na siya’y ikulong
Ang kanyang mga himutok
At kakaibang nararamdaman
Dito sa isip ko!

Paul Pruel

# Kirot Ng Kahapon – Part 1

Sa sobrang pagod sa maghapong trabaho
Muntik na akong mabulunan ng kanin
Nang aking sunggaban ang aming hapunan
Na nakahain sa kuwadradong mesa
Ang sarap ng amoy ng pritong galunggong
Ang sawsawan ay ginayat na kamatis
At sibuyas at katas ng kalamansi
Na hinaluan ng bagoong Balayan
Sa bawat subo ay nam-nam ko ang sarap
Na humahangod sa aking lalamunan
Gutom ko't pagod ay naglahong tuluyan
At nanumbalik ang nawala kong lakas…

Di naglaon ang paligid ay nagdilim
At mga huni ng ibon ang maririnig
Hudyat na sila ay magpapahinga na
Sa mga sanga ng kamatsili at santol
Sila'y tulad ko pagal din ang katawan
Ako naman ay tumalima palabas
Nahiga sa katreng gawa sa kawayan
Doon ay pasulyap-sulyap kong nilirip
Ang looban ng maliit naming kubo
Ilang saglit pa'y napatuon sa langit
Ang aking paningin at nasilayan ko
Ang maniningning mukha ng mga bituin…

Ang puso ko ay humalakhak sa tuwa
Naaliw sa naghugis taong mga ulap
Sa t'wing nasisinagan sila ng liwanag
Ng mga bituing nagniningning sa langit
Puso ko'y biglang bumilis ang pagpintig
Nang biglang nagkamalay sa isipan ko
Ang matagal nang nakatagong pangarap
Para sa mahal kong asawa't mga anak
Kasabay ang pagtanong ko sa aking sarili:
Paano ko kaya ito'y sisimulan?
Sa bawat sulyap ko sa aking mag-iina
Ang nakikita ko'y mukha ng kawalan …

Nang magkasakit ang mahal naming bunso
Halos sumabog ang puso ko sa galit
Nagawa kong murahin ang kalikasan
At sisihin ang Maylalang sa nangyari
Nagkataon na ang aking mga pananim
Sa lupang aking sinasaka’y nasira
Nang ito’y hagupitin ng bagyong Luring
Nakiusap kami sa mga kaibigan
Nguni’t kami’y pinagkaitan ng tulong
Nasugata’t nagkabukol ang ulo ko
Nang bigla kong ingud-ngod ito sa pader
Dahil sa sobrang sama ng aking kalooban…

Paul Pruel

# Lason Na Papatay Sa Iyo

‘Tulad ka ng isang mabangis na lobo
May mapupula at nanlilisik na mga mata
Gutom at labis na nauuhaw
Agad mo akong sinunggaban at bumaon
Ang matatalim mong mga ngipin
Sa nanghihina kong katawan
Halos ikamatay ko ang matinding sakit

Sumisigaw ako na itigil mo na
Nguni’t hindi ka nahahabag sa akin
Nang maubos at masaid na ang lakas ko
Saka mo lang ako tinantanan
At naging basura ako sa iyong paningin
Pinilipit at iniwan mo akong naghihingalo

Napakasakit ang sinapit ko sa iyo
Nguni’t ‘di pa huli ang lahat
At hindi pa tapos ang laban ko
Sapagkat ang nikotinang nasipsip mo:
Ang natitirang sustansiya ng katawan ko
Ay sakit ang idudulot nito
Lason na papatay sa iyo!

(Tag-alog version for the poem 'You're the Loser') .

Paul Pruel

# Lodestar Of Life (Polaris Ng Buhay)

It is the heart of life

the force that erases

differences between people

bridges the splits of bitterness

the pot of gold

at the beginning

and at the end

of the rainbow

it springs the beauty

that bends across the sky

on a stormy days

the security for which

children weep

the yearning of youth

the adhesive

that binds marriage

the lubricant

that prevents devastating

friction in the home

the safeguard

of community life

the beam of hope

in a world of distress

the peace of old age

the sunlight of hope

shining through the death

it is a gift of God

the most enduring

most powerful virtue: LOVE.

(read the tag-alog version 'Polaris ng Buhay') .

Paul Pruel

# Mananatiling Buhay Sa Puso’t Alaala

Sa alaala ng dating Dean Felicitas Balino ng Commerce Department
Leyte Colleges, Tacloban, Philippines

Mananatiling Buhay sa Puso’t Ala-ala

Kung maibabalik lamang ang kahapon
'Di ako mag-aaksaya ng panahon
Na yakapin at hagkan ang nakaraan
At muling buhayin sa puso’t isipan
Ang matatamis na mga ngiti ng ina
Dulot nito’y saya sa bawat umaga…

Sa t’wing nakikita ko ang kanyang mga mata
Ang puso ko'y humahalakhak sa tuwa
Sila’y nagniningning parang mga bituin
Na kumikislap sa gitna ng dilim
'Di sapat ang mabulaklak na salita
Na isigaw ang kanyang pagkadakila…

Ang iniwan n’yang mga alaala
Sa buong mundo ay dapat iwagayway
Inubos ang kanyang lakas at panahon
Sa paglinang sa kaisipan ng mga mag-aaral
Para sa kaniya mahalaga ang edukasyon
Ito’y kayamanan na ‘di maaagaw ninuman…

Habang hinahabi ko ang mga linya
'Di ko mapigilan ang pagdaloy ng luha
Nangibabaw sa puso ko’y kalungkutan
Dahil kailanma’y ‘di ko na siya makikita
Nguni’t sa kaibuturan ng aking puso
Mananatiling buhay ang alaala n'ya…

Dahil ang binhi na kanyang ipinunla
Sa mga mag-aaral na kanyang ginabayan
Ay nabuhay, yumabong at namunga!

(Appeared at Pinoy Xtra, Arab News September 2,2007)

Paul Pruel

# Nang Mapikon Ang Langit

Kung dati ako’y isang haring nakaupo
Sa trono ng kasikatan at kapangyarihan
Lahat ng aking ibigin ay nangyayari
Ngayon ako’y isang basahan na pinandidirihan

Akala ko wala nang katapusan
Ang nakamit kong kaligayahan
Mula nang ako’y sumisikat pa lamang
Bilang isang kumikinang na bituin

Ang kasikatan ko’y hindi maipagkakaila
Maraming tao ang humanga sa akin
Pinangarap nila na ako’y mahagkan at mayakap
Ako’y kanilang inidolo at minahal ng labis

Nguni’t biglang nagbago ang ihip ng hangin
Iniwan ako ng aking mga kakilala’t kaibigan
Ako’y kanilang ipinagkanulo’t pinaratangan
Kasabay ang galit ng mamamayan at lipunan

Naniwala silang ako’y nagkasala ng pandarambong
At pag-aabuso ng kapangyarihan na taglay ko
Ako’y nahatulan ng habambuhay na pagkabilanggo
Sang-ayon sa batas ng bayan kong sinilangan

Dito sa loob ng masikip at madilim na piitan
Ang kaniig ko’y siphayo at kalungkutan
At mga kaluluwang ‘tulad ko’y naparusahan
Nangagsisisi’t humihingi ng kapatawaran

Ang kanilang mga hinaing at paghihirap
Ang kanilang mga luhang nalalaglag
Ang kanilang mga nakabibinging pag-iyak
Ay lalung nagpapahina sa natitira kong lakas

Aaminin ko mahirap ang magkunwari
Ang bawat himaymay ng aking laman
Ay sumisigaw din ng matinding hirap
Nagsisikip ang dibdib ko sa sobrang sakit

At ang mga karapatan ko bilang mamamayan
Ay kasamang ikakandado sa loob ng kulungan
Ang pagiging haligi ko ng tahana’y pawawalang bisa din
Kasama ang karapatan kong maghanap ng ikabubuhay

Masakit pala kapag napikon ang langit
Nguni’t ‘di ko magawang magalit sa Maylalang
Batid kong Siya ang higit na nakaaalam
Sa buhay ko na minsa'y Kaniyang kinalugdan!

Paul Pruel

# Nang Pumatak Ang Luha, Nasulat Ay Tula

Sinikap kong iwaksi sa aking isip
Ang tunay kong damdamin nguni’t nanaig
Lakas niya’y humulagpos at gumaod
Palayo - patungo sa gitna ng laot…

Karagatan ng iba’t-ibang imosyon
Mga sigaw – hanap ay ang katotohanan
Matang lumuluha, hiling ay pagbigyan
Ilabas ang tama, dasal ay pakinggan…

Halos mabingi ako sa’king narinig
Mga mata ko’y lumuwa sa’king nasilip
Ako’y lito. Kanino ako papanig?
Sila kaya ay nagsasabi ng tapat?

Bilang manggagawa sa ibayong dagat
Milya man ang layo ako ay tatawid
Maglalayag dala ang pape’t panulat
Isusulat ko lahat ang nagaganap…

Himig tula ang kuwento nilang lahat
Kurido ng pangamba at pighati
Sa bawat puso’y laging magugunita
Tulang nasulat nang pumatak ang luha!

Paul Pruel

# Nanny At Mga Kasambahay

Nang masungkit ni Lara ang Miss International sa Japan
'Di parin malimot sa puso ko ang paghanga
Sa kanyang galing, talino at ganda…

Ang pagiging nanny – ayon sa kanya
'Di dapat na ikakahiya't mamaliitin
Ito'y isang marangal na propisyon
Na may puso, pagmamahal sa pamilya't bayan…

Dahil sa kakulangan at kahirapan
Walang trabahong mapasukan sa sariling bayan
Libo-libong mga kapatid natin ang nagpasya
Na sa ibayong-dagat ay makikipagsapalaran…

Mga dalaga't binata, ama't ina ng tahanan
Iniwan ang pamilya't kaibigan
Upang mabigyan ng magandang buhay
Ang kanilang mga pamilyang naghihintay…

Hindi biro ang mag-alaga ng ibang tao
Dagdag pa ang pagmamaltrato ng amo
'Di alintana ang sakit na dala nito
Para sa kanilang mga mahal sa buhay…

Lalu akong humanga kay Lara Quigaman
Sa harap ng mga hurado'y kaniyang ipinaglaban
Mahusay na sinagot ang katanungan
Mabilis, parang kidlat kung mangat'wiran…

Ano ang masasabi mo sa mga edukadong tao sa mundo
Na kinahiligang tawagin ang Filipinos
Sa katawagang nannies?

"Puso ko'y walang pagdaramdam
Kung ang tawag nila sa ami'y nannies
Ang ikinasasama ng aking kalooban
Kung sino pa ang mga edukadong tao sa mundo
Sila pa ang nagpapababa sa tunay na kahulugan
At kahalagahan ng pagiging isang nanny."

Sa pagsagot ni Lara sa tanong na ‘yon
Ni kaba sa dibdib o hiya ‘di siya nakitaan
Taas noo n’yang ipinamalas ang kasagutan
Na umani ng nakabibinging palakpakan…

Kaya mga kabayan at kaibigan
Saan man sulok ng mundo kayo’y naroroon
Patnubayan nawa kayo ng Diyos, dahil para sa amin
Kayo'y mga bayani ng inyong pamilya’t bayan
Na aming ipagmamalaki’t patuloy na hahangaan…

Paul Pruel

# Pag-Ibig Mo Ang Buhay Ko

Ang puso ko'y lumulukso sa tuwa
Habang aking pinagmamasdan ang masasayang isda
Na naghaharutan sa ibabaw ng natutuwang karagatan…

Ako'y nag-iisang nakatayo sa may dalampasigan
Nang biglang malanghap ko ang humahalimuyak
Na pabango na dala ng maharot na hangin
Narinig ko rin ang mahihinang hakbang
Na papalapit sa aking kinaroroonan, kasabay
Ang malambing boses na nagpaalaala sa akin
Ng isang masayang tagpo ng buhay ko…

At nang ibaling ko ang aking paningin sa aking likuran
Matinding tuwa ang aking nadama, ang nakita ko'y ikaw
Suot mo ang manipis na damit na gustong-gusto ko sa araw
Ng ating pagpupulot-gata,20 taon na ang nakakaraan
At nakiliti ang puso ko sa sobrang saya…

Sa tindi ng aking pangungulila bigla kitang hinalikan
Sa pisngi at niyakap ng mahigpit na mahigpit
At sumayaw tayo sa saliw ng mga alon
Habang ramdam na randam ng ating mga paa
Ang kiliti sa t'wing umiindak tayo sa buhanginan
At sa itaas ng langit ay mapuputing ulap
Na masasayang nagmamasid sa ating dalawa…

Nguni't ilang saglit pa'y unti-unti kang naglalaho
Sa aking mga kamay at paningin
Sumisigaw ako na huwag mo akong iiwan
Subalit tinangay ka ng hangin papalayo sa akin
At sumama ka sa mga ulap sa kalangitan
Wala akong nagawa kungdi ang pagmasdan kita
Hindi ako makakilos sa aking kinatatayuan…

Hanggang sa mapansin ko na unti-unti nang nagdidilim
Ang paligid ko at ang dating mahinang awit ng mga alon
Ay palakas nang palakas kasabay ang pangako ko
Sa aking sarili, na ang pag-ibig mo ay mananatili
Sa puso ko hanggang ako'y nabubuhay!

Paul Pruel

# Panaghoy Ni Inang-Bayan

Sa sobrang hirap na aking pinapasan ngayon
Halos panawan na ako ng aking lakas
Ang katawan ko’y hinang-hina na

Sino kaya sa aking mga anak
Ang may puso't handang umalalay
Na ako’y kaniyang yakapi’t tulungan?

Ang sakit at kirot na aking nararamdaman
Ay sanhi ng tuloy-tuloy na paglapastangan
At walang patumanggang iringan ng aking mga anak

Pangarap ko’y matahimik na tahanan
Ngunit ang aking mga inakay ay mga pasaway
’Di magkasundo’t laging nag-aaway

Ang ugat ay ang aking kapangyariha’t salapi
At iba kong mga ari-arian na aking ipapamana sa kanila
Sa oras na ako’y panawan na ng buhay

Subalit ‘di sila makapaghintay
Ang gusto nila’y makuha na agad
Ang kanilang pamana at pamamahala

Dahan-dahan nila akong pinapatay!

Paul Pruel

# Polaris Ng Buhay

Isa kang mamahaling hiyas na nakapulupot
Sa baywang ng sagradong balangaw
Ilaw mo'y liwanag ng malawak na kalangitan
Kumikinang kahit sa gitna ng karimlan

Tulay ka ng mga nasasawi't nasasaktan
Pinapangarap ng mga taong nagmamahal
Ika'y langis na hahaplos sa lahat ng sigalot
Na namumutawi sa loob at labas ng tahanan

Matibay kang bantayog ng mabuting pamayanan
Taglay mo'y buhay at dakilang pag-asa
Para sa mundong puno ng hilahil at hinagpis
Ang ma-angkin ka Pag-ibig, ay samo ng bawat isa

'Di matutularang regalong bigay ni Bathala
Ika'y makapangyarihan at walang katulad!

Paul Pruel

# Salamat Sa Tawag Mo Mahal

Ako’y natuwa sa tawag mo
Pakiramdam ko ika’y kaharap ko lang
Boses mo’y kasing-linaw
Ng awit ng hangin mula sa Silangan

Na pumapasok sa bintana at kumikiliti
Sa aking mga pagal na tainga
Habang ika’y aking kinakausap
Isang napakagandang himig

Na kahali-halina sa aking pandinig
Pagod ko’y pansamantalang naglaho
Dahil sa oras na ’yon nasa gitna ako
Ng masilang trabaho’t minamadali ng boss ko

Ngunit isa kang hulog ng langit sa umagang ito
Lakas ko’y agad nanumbalik, Mahal ko!

Paul Pruel

# Sana'Y Laging Umaga

Ang gumising nang maaga
Para makita ko ang iyong ganda
Masamyo ang iyong bango
At marinig ang iyong halakhak
Nang habang buhay

At pahintulutan ng Diyos sa langit
Na tayong dalawa’y laging magkalapit
Habang aking pinagmamasdan
Ang taglay mong kagandahan
Na sa pagdaan ng panahon ay ‘di kukupas

Nag-aalab ang ating pag-ibig
Pintig ng puso ko’y ikaw lang
Hangad tayo’y ‘di magkakawalay
At sa hirap at ginhawa tayo’y magkatuwang…

Paul Pruel

# Sizzling Butt

You can’t hide from me
I know all about you
You’re a seasoned star
Had been the smoke
Of controversy for many years
Cherished by million of your fans
You’re so gorgeous with your apparel
Of a white gown that covered
Your soft-slender-beautiful body…

One day, your sweet scent wraith
Through the place, like a haunting
And your fans grabbed you
Held you tight around your neck
They kissed your lips and cheeks
Leaving them with luminous spits…

You had complaint, wanting to stop them
Though they just ignored your wish
For them you’re their asset…

You’re yelling for help but nobody came
And in great pains, you cried
Then you fell down unconscious...

The hour altered, dusk became dawn
You woke up and screamed so hard
Seeing yourself lying in the pool of mud
With those filthy and ugly faces
Your own effigy, those sizzling cigarette butts!

Paul Pruel

# Sumisigaw Ng Pagsuyo

Isipan ko ay tulero
Gulong-gulo pati puso
Pag-ibig kay Inang Bayan
Ay ‘di ko mailarawan

Ang nakikita ko ngayon
Ay sobrang paglapastangan
Sa kan’yang ganda’t kariktan
Ng kan’yang sariling angkan

Ka’lan aahon si Ina
Sa hirap at pagdurusa
Mga inakay ay pasaway
Lagi silang naga-away

Ang kan’yang katahimikan
Ay kan’lang niyuyurakan
Kahit si Ina’y masaktan
Gagawin ang kagustuhan

Sila itong sumasakal
Kay Inang humahagulgol
Luha niya’y kulay dugo
Sumisigaw ng pagsuyo

Paul Pruel

# Tayong Mga Anak-Pawis Ay Simbolo Ng Lakas At Katapatan

Isang katotohanan na tayong mga maralita
Ay nabubuhay sa ilalim ng kawalang pag-asa

Ito’y tunay na larawan sa naghihirap na mamamayan
Bagama’t tayo’y pinagkaitan ng magandang kapalaran
Nguni’t ‘di ito nangangahulugan na tayo’y wala ng puwang
Mabuhay sa mundo at makapamili sa buhay na ating lalakarin

Totoo ang pagiging anak-pawis ay sadyang napakahirap
At lagi nating pinangangalandakan
na tayo’y alipin ng mga mayayaman

'Di kaya panahon na na baguhin natin ang ating mga pananaw?
Sa lahat ba ng panahon tayo’y aasa na lang ba sa mga maharlika?
Sa mga politikong mandarambong at mandaraya?

Lagi na lang ba natin iaasa ang buhay at kinabukasan
Sa mga taong nasa nanunungkulan?
‘Wag kalimutan na tayong mga anak-pawis
ay simbolo ng lakas at katapatan!

Naalaala ko ang hirap ng nakaraan, I cried looking at my feet and hands wounded;
too painful I couldn’t bear. Sa edad na 13, sa isang construction site sa bayan namin habang pinapala ko ang sang katirbang na hinalong semento graba at buhangin na nakalubog ang mga paa ko sa semento para lamang may pantustos sa pag-aaral sa high school sa susunod napasukan.

Sometimes I asked God, why it happened to me? Pero I realized na di dapat panghinaan ng loob, ginusto ko po ito at dahil din sa kawalan. I was firmed with my decision na ako na ang magpapatakbo sa buhay ko. Pero deep in my heart buhay na buhay ang pagmamahal at respito ko po sa aking mga magulang, naunawaan ko ang kalagayan namin.

At sa edad na 13 ako na ang nagpatakbo sa buhay ko
Kung sinu-sinong tao ang nakasama ko
Pero hindi ako nawalan ng pag-asa

na mabuhay at tumindig sa sarili kong paa
Hindi ako umasa sa sinumang politiko at gobyerno…

Paul Pruel

# The Bed Of My Burning Love

I considered a woman
especially my beloved one:

The flower of my eyes - bulaklak ng aking mata
The light of my home - ilaw ng aking tahanan
The pulse of my heart - pintig ng aking puso
The smile of my lips - ngiti ng aking labi
The cry of my lusts - sigaw ng aking pangungulila
My dream star - pangarap kong bituin
My miracle medicine - gamot sa t’wing ako’y nanghihina
The bed of my burning love - kanlungan ng nag-aapoy kong pag-ibig
And my delicious coffee and pie in the morning- panulak at pantulak ko sa bawat umaga.

Paul Pruel

# The Magic Of Camera

It is amusing
How mirrors and light
Makes people believe in mementos
Printed on dazzling surface:

Picked, planned
Cloning each moment of joys and laughter
With just a rapid sound of a button
Almost as precise as the human eye;

And I am left behind alone
Surprised staring at you
This is a piece of you, a copy of your face
Caught in this frame I am holding

Is this all I remember of you?
I had to rely on another eye, not my own:
Invention of mirrors and light
To aid me recall what my heart cannot?

Paul Pruel

# The Man You Dreamed

Why you loved me?
Is it because I act naturally
Without pretension
Or because I am so quiet
I don’t talk too much
Or because I am cool all the time
I don’t panic no matter
How complicated is the situation
Or is it because I am a sensitive type
Of a person – I do cry
When I am in deep emotions
Aloof sitting alone in the corner
With my tears
Or you liked me ‘cause
I am a man of actions
Or maybe because I am sincere
I seldom say, “I’m sorry”
But when I say it
It is said with sincerity
And touches your heart
Or you loved me because
I am a loving person
Through text messages and calls
I say, “I love you” in the morning
Lunch time, after office hours
And in the evening before sleep
Or because of my being romantic
To you, through gestures
I show my love, care and affections
I hold your hands, hug you
And kiss your lips
Or is it because I am always
Here for you, all sunny and rainy days
Guarding you, protecting you
From any harm and keeping
You safe into my arms
Whatever reasons you have
In mind, I am sure
You loved me because

I am the man you dreamed!

Paul Pruel

# Tulad Ng Tuyong Dahon

Ang tao’y humihinga para mabuhay
At sa kaniyang pagtanda lilisanin niya
Ang lahat ng bagay at siya’y babalik
Sa lupa na kaniyang pinagmulan…

Ang mga idiyang napipinta sa isipan
Kung lilinangi’t palalaguin ng tama
Sila’y magbibigay ligaya’t liwanag
At karagdagang kaalaman sa buhay…

Nguni’t pagkatapos silang pakinabangan
Sila’y wawalisin at papalitan sa isipan
Upang bigyan ng daan ang sususnod
Na bagong ipupunlang kaalaman…

Katulad ng mga dahon na malago
Sa mga sanga ng isang punong kahoy
Kapag sila’y natuyo na-kusa silang
Babagsak sa lupa’t doon mananahan…

(Tag-alog version for the poem 'A Dry leaf') .

Paul Pruel

# Walang Papalag! Hold Up Ito!

Bandang alas 7: 45 ng gabi
Pasahero ng FX ang 4 na armadong kalalakihan
Na nasakyan ni maganda pauwi ng Bulakan
Nang biglang sumigaw ang isa sa 4 na kawatan:
“Walang papalag! Hold up ‘to! ”

Nangatog ang kaniyang buong katawan
Sumigaw siya nguni’t walang lumabas
Na mga kataga mula sa kaniyang bibig
Pakiramdam niya’y may bagay na matigas
Na nakakalso sa kaniyang lalamunan…

Sumakit at nagsikip ang kaniyang dibdib
Dama niya ang pintig ng kaniyang puso
Na parang tambol na dumadagundong
Sa loob ng nanghihina niyang katawan
Sa takot na baka iputok sa kaniya ang baril!

Ang kaniyang mga mata’y naging bukal
Ng kristal na tubig na dumaloy pababa
Sa kaniyang mamula-mulang mga pisngi
At sa kaniyang mga labi na nagtitimpi
Ng matinding galit nguni’t ‘di makalabas…

Hindi niya mapigilan ang pagdaloy
Gumapang ito hanggang sa kaniyang dibdib
Pinilit niyang takpan nang mahigpit ang mga mata
Upang mahinto ang pagpatak ng luha
Nguni’t ‘di masawata ang pagdausdos nito…

Wala siyang nagawa kungdi ang ipaubaya na lamang
Nguni’t napapaso siya sa t’wing dumadampi ang mga daliri
Ng mga kawatan sa kaniyang balat, isa-isang tinanggal
Sa kaniyang katawan, ang mahahalaga n’yang ari-arian
Na ini-ingatan niya ng mahabang panahon…

Paul Pruel

# Your Love Is Forever In My Heart

I was alone in the beach nearby
When I got scented of a perfume
Which was familiar to me
I heard footsteps and a chilly voice
My head whirled and I saw you
Upended behind me with your attire
Of the pearly gown you wore in our
First night 20 years ago on our honeymoon
You smirked: your smile dimpled your face
So I longed for you
And touched you with my thirsty lips
And we danced with the sea spray
That hugged our feet relaxing
On the sands beneath a cloudy sky
But thereafter you disappeared slowly
You slipped from my hands
And had joined the thin air
Like bubbles you mixed with those clouds
Leaving me with your sweet fragrance
The sun sank and you’re gone with the breeze
But your love will be persisting in my heart forever!

Paul Pruel

# You'Re The Loser

When you’re dread and weary
Secluded and dispirited
You found me your victim
You’re akin to a vampire
Who just awoke from a long sleep
So eagerly desirous to get
My inmost precious substance

With your deadly fingers
Mighty molars and lips
You clutched me completely
And bitten me intensely
I begged you to stop hurting me
But you did not listen
You just ignored my wish
And laughed-out-loud

After draining out my vitality
You gauged me rubbish
And then throw me somewhere
In the toilet bowl and garbage can
Now I realize living with you
Is really helpless and unproductive
But I will tell you the truth
You’ll be the loser at the end

For every tar and nicotine
That you had drawn from me
Generate great pains, misery as well
And shorten your life!

Paul Pruel